





Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Paniniwala *sa* Kabilang-Buhay





Paniniwala sa Kabilang-Buhay

Ang paniniwala sa Kabilang-Buhay ay isa sa anim na haligi ng pananampalatayang Islamiko na kinakailangang paniwalaan ng isang Muslim upang maging ganap ang kanyang pananampalataya.

Ipinaalam sa atin ng Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan) ang tungkol sa mga pangyayari sa di-nakikitang daigdig na magaganap pagkatapos ng kamatayan. Ang pangunahing paniniwalang ito ay nagiging ganap lamang kapag ang isang tao ay may matibay na pananampalataya sa kanyang puso sa lahat ng bagay na ipinaalam sa atin ng Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan).

Ang Ahlus-Sunnah Wal-Jamaa'ah, o ang pangunahing hanay ng mga Muslim, ay naniniwala sa lahat ng mga pangyayaring ito.



Ang Larapang Para sa mga Pilapil

Samantala, ang mga tagasunod ng mga makabagong paniniwalang salungat sa Sunnah ay tumatangging tanggapin ang ilang pangyayari tulad ng pagtatanong sa libingan, ang kaginhawahan at mga pagsubok sa libingan, ang parusa sa libingan, ang pagtawid sa Siraat – ang tulay na nakalagay sa ibabaw ng Impiyerno – at ang pagtatayo ng mga timbangan.

Ang dahilan ng kanilang pagtanggig ay dahil, ayon sa kanilang pananaw, ang mga bagay na ito ay hindi mapatutunayan sa pamamagitan lamang ng pangangatwiran. Dahil ginagawa nilang sukatan ng lahat ng bagay ang kanilang sariling isip, hindi nila pinaniniwalaan ang mga bagay na lampas sa kanilang pagkaunawa.

Ang mga materyalista naman ay tumatangging maniwala sa anumang bagay na hindi nila direktang nararamdaman. Ang sagot natin sa ganitong pananaw ay ang kawalan natin ng kakayahang madama ang pag-iral ng ilang bagay ay hindi sapat na dahilan upang itanggig ang mismong pag-iral ng mga iyon.



Ang katiyakang nakukuha mula sa balitang hatid ng isang mapagkakatiwalaang tao ay maaari ring maging kasingtatag ng katiyakang nakukuha sa pamamagitan ng pagkakita at pagdama.

Dahil napatunayan na sa atin ang katapatan ni Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan) sa paghahatid ng Banal na Mensaheng ipinahayag sa kanya, tayong mga mananampalataya ay matatag na naniniwala sa lahat ng kanyang sinabi tungkol sa di-nakikitang daigdig, kabilang na ang Kabilang-Buhay.

Ang paniniwala sa Kabilang-Buhay ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

(A) Paniniwala sa mga Pangyayari sa Libingan

Naniniwala ang Ahlus-Sunnah Wal-Jamaa'ah sa pagsubok sa libingan.

Ang salitang Arabe para sa "pagsubok" ay Fitnah. Sa kahulugang pangwika, ito ay tumutukoy sa paglalagay ng ginto sa apoy upang alisin ang mga dumi nito.

Dahil dito, ginamit din kalaunan ang salitang ito sa kahulugan ng pagsubok at pagsusuri.



Ang patunay mula sa Qur'an tungkol sa bagay na ito ay matatagpuan sa talatang naglalarawan sa kaparusahan ng mga tao ni Fir'awn o Paraon.

Sinabi ni Allah, ang Kataas-taasan, na ang kahulugan ay:

"Ang Apoy: inilalantad sila rito sa umaga at gabi. At sa Araw na dumating ang Oras, [sasabihin]: 'Ipasok ninyo ang mga tauhan ni Paraon sa pinakamabigat na kaparusahan.'"

[Qur'an 40:46]

Sinabi rin ng Propeta Muhammad
(Sumakanya nawa ang kapayapaan)

"Ang libingan ay alinman sa isang hardin mula sa mga hardin ng Paraiso, o isang hukay mula sa mga hukay ng Impiyerno."

[At-Tirmithi]

(B) Mga Pangyayari sa Araw ng Paghuhukom

Kapag natapos na ang takdang panahon ng mundong ito, uutusan ni Allah si Israfeel – ang anghel na nakatalaga sa pag-ihip ng Trumpeta – na hipan ito.

Sa unang pag-ihip, ang lahat ng naninirahan sa mga kalangitan at sa lupa ay mawawalan ng malay, maliban sa mga taong nais ni Allah na hindi mapasama rito.



Ang Kanyang Para sa mga Pilgrim

Pagkatapos, ang lupa ay papatagin at ang mga bundok ay magiging parang mga buhanging lumilipad.

Sa madaling sabi, mangyayari ang lahat ng ipinabatid sa atin ni Allah sa Kanyang Aklat, lalo na ang mga binanggit sa kabanata 81 at 82 ng Marangal na Qur'an.

Pagkatapos ay uutusan ni Allah ang kalangitan na magpaulan. Ang ulan na ito ay magiging katulad ng likido ng tao.

Mula rito, muling bubuhayin ang mga tao mula sa kanilang mga libingan.

Ang prosesong ito ay magsisimula mula sa pinakahuling bahagi ng gulugod. Ang buong katawan ng tao ay nabubulok pagkatapos ng kanyang kamatayan maliban sa pinakailalim na bahagi ng gulugod.

Magpapatuloy ang muling pagbuo hanggang sa maibalik ang mga tao sa kanilang orihinal na anyo at katawan.

Pagkatapos ay uutusan ni Allah si Israfeel na hipan ang Trumpeta sa ikalawang pagkakataon.

Sa pagkakataong ito, ang mga tao ay babangon mula sa kanilang mga libingan na buhay.



Ang mga hindi sumampalataya at ang mga mapagkunwari ay magsisisi at magsasabi, na ang kahulugan ay:

“Kawawa tayo! Sino ang bumuhay sa atin mula sa ating hinihigaan?”

[Qur'an 36:52]

Samantala, sasabihin ng mga mananampalataya:

“Ito ang ipinangako ng Pinakamaawain, at nagsabi ng katotohanan ang mga Sugo.”

[Qur'an 36:52]

Pagkatapos, dadalhin ng mga anghel ang lahat ng tao patungo sa lugar ng Hashr o Pagtitipon, na sila ay hubad, hindi tuli, at nakapaa.

Ang unang bibihisan sa Araw na iyon ay si Propeta Ibraheem, nawa'y itaas ni Allah ang kanyang pagbanggit.

Sa lugar ng Pagtitipon, lalapit nang husto ang araw sa mga ulo ng mga tao, at babalutin sila ng kanilang pawis.

Sa ilan, ang pawis ay aabot hanggang bukung-bukong; sa iba, hanggang tuhod; sa iba naman, hanggang dibdib; at sa iba, hanggang leeg.



Ang antas ng pawis ng bawat tao ay magiging ayon sa kanyang mga gawa.

May ilang tao sa Araw na iyon na pasisilungin sa lilim ng Trono ni Allah.

Kapag naging napakahirap na ng kalagayan ng mga tao at tumindi ang kanilang kawalan ng pag-asa, hihilingin nila kay Allah na pahintulutan ang Kanyang mga Sugo at Propeta na mamagitan para sa kanila upang mailigtas sila mula sa kanilang matinding paghihirap.

Ang bawat Sugo at Propeta ay magtuturo sa mga tao na lumapit sa Propeta na dumating pagkatapos niya, hanggang sa makarating sila sa ating Propeta Muhammad(Sumakanya nawa ang kapayapaan)

Sasabihin niya na siya ang nararapat para sa gawaing iyon. Mamamagitan siya para sa mga tao, at dahil dito ay magsisimula ang Paghuhukom.



(C) Ang mga Timbangan

Pagkatapos ay itatayo ang mga timbangan at titimbangin ang mga gawa.

Ang mga timbangan na ito ay tunay at magkakaroon ng mga pinggan at tagapagpahiwatig.

Gagawin ni Allah, ang Kataas-taasan at Maluwalhati, na magkaroon ng pisikal na anyo at timbang ang mga gawa ng Kanyang mga nilalang.

Ang mabubuting gawa ay ilalagay sa isang panig ng timbangan at ang masasamang gawa naman sa kabilang panig.

Sinabi ni Allah sa Qur'an, na ang kahulugan ay:

"At maglalagay Kami ng makatarungang mga timbangan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, kaya walang sinuman ang gagawan ng kahit katiting na kawalang-katarungan. At kung ito man ay kasimbigat ng isang buto ng mustasa, ilalantad Namin ito. At sapat na Kami bilang Tagapagtuos."

[Qur'an 21:47]



(D) Ang mga Talaan ng mga Gawa

Pagkatapos nito ay ilalantad ang talaan ng mga gawa.

Ang taong tatanggap ng kanyang talaan sa kanyang kanang kamay ay magkakaroon ng magaan na pagtutuos at babalik sa kanyang pamilya nang masaya.

Ngunit ang taong tatanggap ng kanyang talaan mula sa likuran at sa kanyang kaliwang kamay ay magnanais na mamatay sa Araw na iyon, sapagkat siya ay itatapon sa Apoy ng Impiyerno.

Mapupuno siya ng matinding pagsisisi sa Araw na iyon at nanaising sana ay hindi na lamang ibinigay sa kanya ang kanyang talaan at sana ay hindi na niya nalaman ang nilalaman nito.

Sinabi ni Allah, na ang kahulugan ay:

“Kaya tungkol sa taong bibigyan ng kanyang talaan sa kanyang kanang kamay, siya ay hahatulan sa isang madaling pagtutuos at babalik sa kanyang mga tao nang masaya. Ngunit tungkol sa taong bibigyan ng kanyang talaan mula sa likuran, siya ay hihiyaw para sa kanyang pagkawasak atpapasok sa naglalagablab na Apoy.”

[Qur'an 84:7-12]



Ang Pangkalahat na Paggagabay sa mga Pilagano

Ang lahat ng mga pangyayaring tiyak na magaganap pagkatapos ng kamatayan at sa Huling Araw – tulad ng gantimpala at kaparusahan, Paraiso at Impiyerno, Pagtutuos, at iba pang mga pangyayari – ay detalyadong binanggit sa mga Banal na Kapahayagan at sa mga salaysay mula sa mga Propeta.

Ang mga kaalamang ito ay matatagpuan din sa pamana ng kaalamang iniwan sa atin ng Propeta Muhammad(Sumakanya nawa ang kapayapaan) Sinuman ang nagnanais na hanapin ang mga ito ay matatagpuan ang mga ito.
Kaugnay na mga Artikulo



PHILIPPINES

WWW.filipino.midadedev.com

جمعية طريق الحرير للتواصل الحضاري

مركز دعوة الفلبين

الرياض - حي الريان

جوال +966534114444 الهاتف +966112270607



مصرف الراجحي SA1880000204608015540549

Pag aanyaya Para sa mga Pilipino